

Alamin ang iyong mga kaparatan kapag tatawag ang isang debt collector [tagakubra]

Kung tatawag ang isang tagapaningil ng pautang –o magpapadala ng email o text message, o makikipag-ugnayan sa pamamagitan ng social media– ang iyong pinakamahusay na tugon ay tuusin ang kalagayan nang harapan.

Maaaring ang iyong unang gawi ay magtago o dipansinin ang kalagayan at umasang lalampas din ito. Ngunit maaaring gawin lang nitong mas malala ang situation.

Una, tiyakin na legitimate [tunay] ang utang at ang debt collector

Alamin:

- Sino ang iyong kausap (kunin ang pangalan ng tao)
- Ang pangalan ng debt collection company [kompanyang pampaniningil ng utang]
- Ang address at phone number ng company

Itanong sa debt collector ang:

- Ang halagang inutang
- Ang pangalan ng tao o organization na pinagkakautangan ng pera

- Paano mo maaaring tutulan ang utang o patunayan na sa iyo ang utang

Kung hindi sasabihin sa iyo ng debt collector ang information na ito sa unang beses na makiugnay sa iyo, hingin ang information nang nakasulat. Mahusay na idea na makuha ang nakasulat na abisong ito bago ka sumang-ayon na magbayad sa debt collector o subukang makipag-ayos.

Labag sa batas ang harassment [panggugulo] at deception [paglinlang]

Sinasabi sa Fair Debt Collection Practices Act na ang mga tao na naniningil ng mga utang ay hindi maaring guluhin, apihin, pagmalabisan, o linlangin ka o kahit sinuman na pakiugnayan nila.

Bilang halimbawa, hindi maaari na ang mga debt collector ay:

- Tawagan ka bago ang 8 a.m. o pagkalipas ng 9 p.m., sa pangkalahatan
- Tawagan ka nang paulit-ulit
- Magsagawa ng paulit-ulit na mga pagtawag sa phone na hangad para inisin, pagmalabisan, o guluhin ka o ang sinumang tao na sasagot sa phone.

- Mag-post ng mga message sa iyong mga social media account tungkol sa iyong utang (pinahihintulutan ang mga pribadong message kung ipapaalam sa iyo ng sender na siya ay isang debt collector)
- Gumamit ng mahalay o walang galang na pananalita
- Magsagawa ng mga pagbabanta ng karahasan o kapinsalaan
- Magsinungaling tungkol sa halagang iyong pananagutan
- Linlangin ka upang makasingil ng pera, halimbawa sa pamamagitan ng di-totoong pagpapakilala bilang mga alagad ng pagpapatupad ng batas o magsabi na dadakpin ka kung di ka magbayad ng iyong utang
- Maglathala ng mga listahan ng mga tao na tumatangging magbayad ng kanilang mga utang (hindi kabilang dito ang pag-ulat ng information sa isang credit reporting company)
- Makipag-usap sa iyo na hindi sasabihin sa iyo na sila ay isang debt collector, o gagamit ng huwad na pangalan ng company

Ikalawa, kilalanin ang utang

Kung kinikilala mo ang utang

Maaari kang makiugnay sa debt collector at subukang tuparin ang isang planong muling pagbabayad na nakabubuti sa iyo.

Kahit na sa iyo ang utang, mayroon ka pa ring karapatan na hindi makipag-usap sa debt collector at maaari mong sabihin sa debt collector na tumigil sa pakikipag-ugnayan sa iyo. Gayon pa man, ang pagsabi sa debt collector na tumigil sa pakipag-ugnayan sa iyo ay hindi makapipigil sa

debt collector o sa lender [tagapagpautang] na gumamit ng iba pang mga ayon sa batas paraan upang singilin ang utang mula sa iyo, kung inutang mo ito. Halimbawa, maaari silang magsampa ng isang demanda laban sa iyo o magsumbong ng makasasamang information sa isang credit reporting company.

Kung mga ilang taon na ang tagal ng utang

Bago magbayad o sumasang-ayon sa isang planong pangbayaran para sa isang matagal nang utang, alamin kung ano ang mga statute of limitation [kautusan sa mga hangganan] sa pagharap ng isang demanda upang singilin ang utang. Maaaring tumukoy ang mga legal time limit [naaayon sa batas na hangganan ng panahon], at pagkaraan ng hangganan maaari kang mangatuwiran na pinagbabawalan ang creditor [pinagkakautangan] o debt collector na magsimula ng isang demanda laban sa iyo. Maaaring gusto mong magsangguni sa isang abogado o sa tumutukoy na batas.

Kung hindi mo kinikilala ang utang

Isulat at tutulan ang lahat o isang bahagi ng utang, na ibig sabihin gusto mong padalhan ka ng debt collector ng pagpapatibay sa utang, kabilang ang kung magkano ang dapat bayaran at katibayan na sa iyo ang utang.

Maaari mong hingin sa debt collector na ibigay nito ang pangalan at address ng original na lender, kung inilipat ang utang sa ibang kumpanya na gumagamit ng isang Tagapaningil ng pautang para makipag-ugnayan sa iyo.

Kung tututulan mo pa rin ang utang

Pagkatapos na makatanggap ka ng pagpapatibay, maaarin mong sulatan ang debt collector upang sabihin sa kanila na tinututulan pa rin ang utang.

Kung ayaw mong makipag-ayos sa utang, susulatan mo ang debt collector na ayaw mo nang muling maugnayan tungkol dito. Alalahanin na maaari pa ring gumamit ng iba pang mga ayon sa batas na paraan ang debt collector o lender upang singilin ang utang.

Ikatlo, itabi ang iyong mga liham at mensahe.

Itabi ang anumang mga liham o mensahe na matanggap mo, at gumawa ng mga kopya ng anumang mga liham o mensahe na ipapadala mo, kung sakaling kailangan mong tumutol balang araw.

Mga kasagutan ng CFPB at mga halimbawang liham

Sa consumerfinance.gov/consumer-tools/debt-collection makakahanap ka ng higit pang information tungkol sa iyong mga karapatan, mga halimbawang liham na maaari mong magamit na pangsagot sa isang debt collector, mga key term, at mga kasagutan sa mga karaniwang katanungan.

Magsampa ng reklamo

May problema ka ba sa isang produkto o serbisyon pinansyal? Ipapahatid namin ang iyong reklamo sa kumpanya at sisikapin naming makakuha ka ng sagot – karaniwan sa loob ng 15 araw.



Online

consumerfinance.gov/complaint



Sa pamamagitan ng phone

(180+ wika)

Lunes-Biyernes, 8 a.m. - 8 p.m. ET

(855) 411-CFPB (2372)

(855) 729-CFPB (2372)



Sa pamamagitan ng koreo

P.O. Box 27170

Washington, DC 20038



Consumer Financial
Protection Bureau